



Mga Hakbang na Dapat Gawin Pagkatapos ng Banggaan sa Trapiko

Para sa mga biktima at kanilang mga mahal sa buhay

Ikaw man o isang kilala mo ay naging biktima ng banggaan sa trapiko, maaaring marami ang aasikasuhin depende sa mga sitwasyon at lubha nito. Narito ang checklist na ito para gabayan ka.

1 Magpagamot kaagad

Kahit na ang mga injury ay hindi nauwi sa emergency treatment, mahalaga ang hakbang na ito. Sa kagyat na epekto ng banggaan, maaaring maitago ng adrenaline ang sakit at mapahirap ang pagsusuri sa mga injury. Maaaring lumitaw ang mga sintomas sa ilang araw, linggo, o kahit mga buwan pagkatapos ng banggaan. Matutulungan ka ng isang health professional na matukoy at maasikaso ang mga injury na maaaring hindi halata. Ang hakbang na ito ay magpapahintulot sa iyo na magtabi ng mga rekord ng iyong injury at ang magagastos mo para magpabayad sa pinsala.

Kung hindi ka makakapunta sa regular mong doktor, maghanap ng agarang care clinic. Ang SF General Hospital ay may agarang care clinic sa buong siyudad, tingnan ang isang directory sa sfhealthnetwork.org/urgent-care o tumawag sa **628-206-8000**.

2 I-follow up sa pulis

Kapag naireport na ang isang banggaan, mahalaga ang pagkuha ng ebidensiya. I-follow up sa departamento ng pulis para makakuha ng police report at tiyaking makakapanayam ang lahat ng saksi, mapanood/mapanatili ang security camera footage sa malapit, at nakakuha ng mga litrato. Tawagan ang Traffic Collision Investigation Unit ng San Francisco Police Department sa **415-678-3600** na 24 oras sa isang araw.

3 Kumuha ng legal na tulong

Kung ikaw o ang mahal mo ay lubhang na-injure o namatay, dapat kumonsulta ka sa isang abugado sa lalong madaling panahon. Nagbibigay ang mga abugado ng walang bayad na konsultasyon, at na kadalasang binabayaran base sa mga "contingency", na ibig sabihin ay mababayaran lamang sila kung makakakuha sila ng pera para sa iyo. Dahil maaaring makatulong ang isang abugado sa imbestigasyon, inirekomenda naming kumontak ka ng isang abugado sa lalong madaling panahon.

Malamang na gusto mo ng isang abugado na may maraming matagumpay na karanasan na nauugnay sa uri ng kaso mo. Ang Walk San Francisco ay may listahan ng mga abugadong pedestrian-friendly sa San Francisco Bay Area sa walksf.org/lawyers. (Ang mga Abugado sa listahang ito ay sumusuporta sa Walk SF and Families for Safe Streets sa pamamagitan ng pag-iisponsor sa aming mga program at event. Hindi kami nag-iindorso ng sinumang abugado.)

4 Kumontak sa Mga Serbisyo Para sa Biktima

Ang opisina ay nagbibigay ng buong araw na impormasyon at tulong sa mga biktima kabilang legal na payo, pagpapayo sa krisis, at tulong sa mga gastos sa medikal, bayad sa abugado at mga kaayusan sa libing. Makokontak mo ang San Francisco District Attorney's Office sa **628-652-4100** o sa victimservices@sfgov.org. Available ang mga serbisyo sa wika.

5 Gamitin ang suporta ng ospital na mga serbisyo

Nagbibigay ang mga ospital ng maraming suporta kabilang ang mga tagapagtaguyod ng pasyente, social worker, at klero. Makakatulong ang mga taong ito para maunawaan mo ang mga regulasyon ng ospital, kinakailangan sa insurance, at mga papeles, at tulungan kang itaguyod ang partikular na pangangalaga at mga serbisyo.

Bukod pa rito, makakatulong sa iyo ang mga kawani ng tulong para sa pasyente na magplano ng pangangalaga pagkalabas ng ospital, at iugnay ka sa pagpapayo, mga serbisyo ng bumibisitang nars, physical therapy, at marami pa. Karaniwang kabilang sa mga departamento na dapat kontakin: Patient Relations, Social Work, at Pastoral Services.

6 Kumuha ng emosyonal na suporta

Para sa maraming tao, ang epekto ng pagkawala ng mahal sa buhay o pagka-injure nang lubha, ay nakakapagdulot ng pagkalito, pagkabalisa, at pakiramdam ng kawalan ng pag-asa. Mahalagang makuha ang kailangan mong suporta, sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa mga klinikang nakabase sa komunidad, mga support group, at sa indibidwal na mga tagapayo na kayang magbigay ng suporta sa pagdadalamhati at trauma. Nag-aalok ang Medicaid at Medicare ng mga serbisyo sa pagpapayo at mga klinikang nakabase sa komunidad, at maraming pribadong insurance plan ang mag-aalok ng mga serbisyong suporta sa sliding scale.

Ang mga lugar na magandang magsimula ay ang SF General Spiritual Care sa sojournchaplaincy.org/get-care/ at ang SF General Spiritual Care sa ucsfhealth.org/education/bereavement-services-and-information.

Gaya ng ang San Francisco Bay Area Families ay para sa Ligtas na mga Daan, nandito rin kami para sa iyo. Tingnan ang isang napakalawak na listahan ng online at mga espesipikong sanggunian ng emosyonal na suporta sa Bay Area sa walksf.org/fss. Huwag mag-atubiling kumontak sa anumang oras sa familiesforsafestreets@walksf.org.

7 Sa palagay mo ba ay mapanganib ang lokasyon ng bangaan?

Sa kasamaang-palad, maraming kalye at interseksiyon ang hindi na ligtas tulad ng dati, lalo na sa mga taong naglalakad at nagbibisikleta. Ang paraan ng pagdisenyo ng daan, ay maaaring mas magpataas o magpababa na tsansang mangyari ang bangaan. Mahalaga para sa nahalal na opisyal na kumakatawan sa lugar kung saan nangyari ang bangaan na malaman ang tungkol dito. Kumontak sa Families for Safe Streets para sa gabay dito sa familiesforsafestreets@walksf.org.

Tungkol sa San Francisco Bay Area Families for Safe Streets



Kami ay komunidad ng matulunging mga tao na apektado ng mga bangaan sa trapiko.

Pinagsasama-sama ng San Francisco Bay Area Families for Safe Streets ang mga taong apektado ng mga bangaan sa trapiko, nagbibigay ng emosyonal na suporta, gabay, at mga paraan upang ibuhos ang pagdadalamhati sa gawain na mas nagpapaligtas sa ating mga daan.

Nandito ang Families for Safe Streets para sa iyo.

Alamin ang higit pa sa walksf.org/FSS at:

- Mag-sign up sa aming buwanang newsletter.
- Maghanap ng mga sanggunian ng suporta na para sa mga taong nakaranas ng pagkabangga, sa sarili man o ng mahal sa buhay.
- Mag-register sa paparating na pangangalap ng suporta o sesyon ng impormasyon.
- Basahin ang mga kuwento ng iba na nakaranas ng pagkabangga.

Ang San Francisco Bay Area Families for Safe Streets ay proud na maging bahagi ng pambansang kilusan ng Families for Safe Streets. Ang San Francisco Bay Area Families for Safe Streets ay tumatanggap ng suporta at paggabay mula sa Walk San Francisco

